# MAG-AARAL: NAKAKASABAY KA BA?

*by:*
**Romela M. Navarro**
*Teacher III, Dinalupihan Elementary School*

"Kung walang pambili ng laptop o internet, mag-drop. Huwag nang mag-aral" maaaring pamilyar kayo sa salitang ito matapos maging viral ang isang online class kung saan naputol na ang pisi ng isang guro sa matapos magtanong ang isa sa kanyang estudyante kung anong gagawin kapag hindi nakapag-provide ng laptop o magkaroon ng maayos na internet.

Simula ng maimbento ang computer ilang dekada na ang nakakaraan, hindi lamang ito naging kasangkapan ng mga negosyante at guro kundi naging necessity na ito ng lahat. Higit naging mahirap pang nakita ang pangangailangan nito matapos pumutok ang pandemic at tuluyang magkaroon ng lockdown sa buong bansa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa dinadanas nating sitwasyon ngayon na limitado na lang pakikisalamuha sa lahat dahil sa dulot ng pandemya, higit pa ang sakit nito sa pamilya at mag-aaral na nangangarap magkaroon ng magandang bukas at matuto ng maayos ang mga anak nila ngunit walang kakayahan ang mga ito na ibigay ang pangangailangan ng kanilang mga anak higit lalo ngayong panahon ng New Normal at demand ng online class.

Paano na ang mga mahihirap?

Kung pagmamasdan natin ang pag-aaral noon at ngayon, mas naging accesible at mabilis ang kaalamanan ngayon dahil ito sa Internet o social media.

Ang paggamit ng teknolohiya ay isa mga mabilis na paraan na nakikita ng gobyerno upang patuloy na matuto ang mga kabataan kasabay nito ang pagprotekta sa kanilang kalusugan laban sa pandemya.

Malaking hamon ito mula sa Department of Education, Department of Health at ng administrasyon kung paanong ang mayorya ay makakasabay sa pagkatuto habang prinoprotektahan ito mula sa kumakalat na virus sa mundo.

Sa ngayon, patuloy ang DEPED, DSWD at ilang pribadong ahensiya na makapagbigay ng tulong upang magkaroon ng access ang lahat ng estudyante na walang kakayahang magkaroon ng laptop at internet.

Hindi natin maaaring ikumpara ang Pilipinas sa ibang mauunlad na bansa pagdating sa pribilehiyo na masuportahan ang lahat kahit sabihin pa nating Education for All ang isa sa programa ng Deped.

Ganunpaman, patuloy ang ating kawani at administrasyon upang humanap ng mahusay na alternatibo gaya ng blended learning, homeschooling, Tv and Radio-based instructions, modular distance learning o MDL at face-to-face learning upang makasabay ang ating mga kabataan sa pagkatuto.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://manilatoday.net/edukasyon-sa-panahon-ng-pandemya-mga-hamon-at-hinaharap/

https://teachforthephilippines.com/tuloy-ang-pagkatuto/